Mga serbisyo sa pagbabangko para sa mga bagong Canadian

Makapagsimula nang maaga sa Canada.

Scotiabank®

Mga Nilalaman

PAKSA	PAHINA
Maligayang Bati	1
Magsimula	2-5
Lakas sa Buong Mundo, Umaabot sa Komunidad	7
Mag-settle Muna	8-10
Mga Ibig Sabihin ng mga Salita	11-12

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Scotiabank *StartRight* program, bisitahin ang www.startright.scotiabank.com, tumawag sa 1-866-800-5159 (North America lamang) para sa tulong sa Ingles, Pranses, Mandarin at Cantonese o bisitahin ang Scotiabank branch na pinakamalapit sa iyo.

Maligayang Pagdating sa Canada, maligayang bati mula sa Scotiabank.

Congratulations. Gumawa ka ng malaking desisyon na lumipat sa isang bagong bansa, o maaaring naririto ka na at handa ka nang mag-settle. Habang sinisimulan mo ang iyong bagong buhay sa Canada, makikita mo na maraming mga gawaing kailangan mo kaagad gawin. Ang pamamahala sa iyong pananalapi ay maaaring nasa ibabaw ng listahan.

Ang Scotiabank *StartRight*™ program ay nagbibigay sa iyo ng tamang payô at mga pinansiyal na solusyon na kailangan mo para sa bawat bahagi ng iyong buhay sa Canada. Ang program ay nagbibigay ng mga simple pero kompletong pinansiyal na solusyon sa isang madaling gamiting program – na may malaking savings sa personal banking at marami pang ibang mga espesyal offer[1].

Nauunawaan namin ang mga hamon sa pagsisimula at pag-settle sa isang bagong bansa. Naririto kami upang tumulong sa bawat hakbang. Nangangako kaming magbigay sa iyo ng tamang financial tools na magagamit mo upang maging mas mayaman ang iyong buhay at ang buhay ng iyong pamilya.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Scotiabank *StartRight* program, bisitahin ang aming website o tawagan kami ngayon.

Ang Pagsimula

Maraming gagawin at magiging exciting ang iyong mga unang araw sa Canada habang nagsasanay ka at ang iyong pamilya sa inyong bagong buhay. Maaaring naghahanap ka ng trabaho o nagsisimula ka ng iyong sariling negosyo, naghahanap ng matitirahan, o nag-aaplay para sa mga opisyal na dokumento tulad ng iyong Social Insurance Number (SIN) at ng iyong health card.

Bilang isang bagong dating, kakailanganin mo ang tamang payô upang magsimula. Sa Scotiabank *StartRight* program, tatanggap ka ng mahusay na kaalaman at mga solusyon mula sa aming mga tauhang may iba't-ibang mga kulturang pinanggalingan upang tulungan kang marating ang iyong mga layunin sa pananalapi.

Mga tip para sa mga bagong dating sa Canada

1. Personal na gamit - Bilang isang landed immigrant, karapat-dapat kang magdala, nang hindi nagbabayad ng duty at taxes, ang mga personal at pambahay na gamit na pag-aari mo bago ka dumating sa Canada. Kung maaari, itago ang mga resibo para sa mga gamit na ito upang patunayan na ang mga ito ay iyong mga personal na gamit at para sa iyong personal na paggamit.

2. Social Insurance Number - Ang pag-aplay para sa iyong Social Insurance Number (SIN) ay dapat isa sa iyong mga unang gagawin pagdating. Kapag wala ang numerong ito, hindi ka makakakuha ng trabaho o makapag-aaplay para sa anumang tulong ng gobyerno o utang. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang Service Canada website sa www.sevicecanada.gc.ca.

3. Health Card - Mag-aplay para sa iyong official health card sa pinakamadaling panahon, dahil maaaring matagalan bago ka maging kwalipikado para sa government coverage. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang iyong provincial health ministry website.

4. Enrollment sa paaralan - Utos ng batas ang i-enroll mo ang iyong anak sa paaralan sa pinakamadaling panahon pagdating sa Canada. Ang mga eskwelahan ay karaniwang bukás Lunes hanggang Biyernes, mula Setyembre hanggang Hunyo.

5. Child Tax Benefit - Maaaring kwalipikado kang tumanggap ng tulong sa pananalapi mula sa gobyerno ng Canada kung ikaw ay may mga anak. Ang Canada Child Tax Benefit (CCTB) ay tax-free at binabayaran buwan-buwan sa magulang na pinaka-may pananagutan sa pangangalaga ng sinumang bata na wala pang 18 taong gulang. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang Canada Revenue Agency website sa www.cra-arc.gc.ca.

6. Foreign credentials - Ang Foreign Credentials Referral Office website sa www.credentials.gc.ca ay may magagamit na search engine na tinatawag na "Working in Canada." Maaari mong i-type ang iyong okupasyon at maglalabas ang search engine ng isang komprehensibong report na magsasabi sa iyo kung ang okupasyon na ito ay regulado sa Canada at kung kailangan mong kumuha ng lisensiya mula sa isang regulatory body.

7. Paghahanap ng trabaho - Para sa karamihan ng naghahanap ng trabaho, mabuting magsimula sa pinakamalapit na employment centre. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.servicecanada.gc.ca.

8. Phone cards - Ang pre-paid phone cards ay nag-aalok ng abot-kayang international calling rates, pero mag-ingat sa connection charges na maaaring mataas at maaaring "kumain" sa iyong air time.

Kinuha sa *Arrival Survival Canada: A Handbook for New Immigrants*, inilathala nang may pahintulot ng mga awtor na si Naeem "Nick" Noorani at Sabrina Noorani at Oxford University Press Canada (Copyright© Oxford University Press Canada 2008).

Ang pagbukas ng iyong unang bank account

Ang isa sa iyong mga unang gagawin ay ang magbukas ng isang Canadian bank account. Maaari mong pamahalaan ang iyong pang-araw-araw na transaksyon sa bangko at maaari mong ideposito ang iyong mga pondo sa Canadian, U.S. dollars o Euros. Matutulungan ka ng account na ito na ilagay ang iyong cash sa isang ligtas na lugar, bayaran ang iyong bills, maglipat ng mga pondo at magdeposito ng mga tseke.

Ang iyong bank account sa Scotiabank ay magbibigay sa iyo ng isang *ScotiaCard*™ bank card at isang Personal Identification Number (PIN). Ang card na ito ay magbibigay sa iyo ng access sa lahat ng Scotiabank branches, madaling gamiting online at telephone banking at 24 oras, 7-araw bawat linggo na access sa Automated Banking Machines (mga ABMs) at direct payment services (ibig sabihin, Point of Sale). Magagamit mo rin ang iyong *ScotiaCard* bank card upang mag-withdraw ng cash withdrawals mula sa mahigit sa isang milyong ABM na mayroong VISA o PLUS symbols sa buong mundo.

Dalawang dokumento ang kinakailangan para sa Scotiabank *StartRight* program

- Katunayan ng Landed Immigrant Status – Immigration Landing Document (IMM5292)
- Balidong photo ID tulad ng isang foreign passport, driver's license na inisyu sa Canada, o Permanent Resident Card

Hindi mo kailangan ng credit history, isang initial deposit o hindi kinakailangang may trabaho ka upang buksan ang iyong bank account sa Scotiabank. Sa Scotiabank, nais naming siguraduhin na ang pagbukas ng isang account ay ang pinakamadaling gawin sa iyong listahan.

Ang pagtatag ng iyong credit history sa Canada

Ang tamang paggawa ng mga maliliit na bagay ay ang pinakamabuting paraan upang magsimula, at ang pagsimula ng iyong credit history ay ang unang dapat gawin upang patatagin ang iyong katayuan sa pananalapi. Ang iyong credit histor y sa Canada ay isang panukat ng iyong pagiging karapat-dapat na umutang; ang iyong pagiging kilalá bilang isang taong nagbabayad ng utang.

Paano ka magkakaroon ng isang magandang credit rating?

- Bayaran kaagad ang iyong bills, lalo na ang mga credit card
- Hiramin lamang ang iyong kinakailangan at kung ano ang kaya mong bayaran
- Laging bayaran sa tamang panahon ang iyong mga utang

Ang Scotiabank *StartRight* program ay may inaalok sa iyo na credit card [2] upang makapagsimula ka na sa Canada. Ang isang mabuting credit history mula sa isang credit card, gas card o kahit na mga tindahan, ay magbibigay ng maraming serbisyo sa Canada, tulad ng pagkuha ng telepono o kaya pag-utang ng pera para sa isang pagbili ng bahay o pagtaguyod ng negosyo. Maaari mong kausapin ang isang Scotiabank representative upang malaman kung paano mo makukuha ang iyong unang credit card sa Canada.

Ang Pagpadala at Pagtanggap ng Pera

Maaaring napalayô ka sa iyong mga kaibigan, mga kapamilya at mga kanegosyo sa iyong bayan dahil sa iyong paglipat sa Canada. Kaya ang iyong kakayahang makapagpadala o makatanggap ng pera nang madali at nang ligtas ay napakahalaga.

Ginagawing mabilis, madali at abot-kaya ng Scotiabank ang paglipat ng mga pondo sa loob ng Canada o sa ibang bansa kapag ikaw ay may bank account sa amin. Matutulungan ka ng isang Scotiabank representative na magpadala at tumanggap ng pera sa alinman sa mga madali at ligtas na paraang ito.

Wire Transfers:

Isang mahusay na paraan upang magpadala sa at tumanggap ng pera mula sa ibang bansa ay gamit ang tradisiyunal na mga serbisyo ng wire payment, na ipinamamahagi ng Scotiabank. Maaaring gawin ng iyong Scotiabank branch ang isang wire payment sa loob ng Canada o kahit saang bahagi ng mundo sa iba't-ibang mga pera ng mundo.

Western Union®*Money Transfer:

Ang Western Union Money Transfer services ay makukuha sa mga kalahok na Scotiabank branches, at online sa pamamagitan ng Scotia Online® Financial Services.[3] Kapag kailangan mong magpadala ng pera sa Pamilya at mga Kaibigan sa buong mundo, asahan ang mga serbisyo ng Western Union Money Transfer na gawin ito nang madali at nang maaasahan. Mapapanatag ang iyong loob dahil nalalaman mong ang iyong pera ay hawak ng Western Union, isang kompanya na may higit sa 135 taong karanasan, na may serbisyo sa higit sa 200 bansa at mga teritoryo sa buong mundo.

Interac† Email Money Transfer:

Kung nais mong magpadala o tumanggap ng pera sa loob ng Canada, ang isa sa mga pinakasimpleng opsyon ay ang gumamit ng Interac Email Money Transfer sa pamamagitan ng Scotia *OnLine*® Financial Services. Magpadala ng pera sa pamamagitan ng email sa sinumang may (1) Canadian dollar account sa isang Canadian na bangko at na may (2) isang email address.

Itago sa ligtas na lugar ang iyong mga mahalagang gamit

Kapag lumipat ka sa Canada, maaaring mayroon kang mga mahahalagang dokumento at mga mahalagang gamit na nais mong itago nang ligtas. Sa isang Scotiabank safety deposit box, ang iyong mga gamit na may halaga ay nasa isang ligtas na lugar na madaling puntahan. Mayroon kaming safety deposit boxes na iba't-iba ang laki para sa iyong mga indibidwal na pangangailangan. Tanungin kung mayroon nito sa Scotiabank branch na pinakamalapit sa iyo.

Scotiabank Corporate Headquarters, Scotia Plaza, Toronto

Lakas sa Buong Mundo, Inaabot ang Komunidad.

Ang pinaka-international na bangko sa Canada

Nangangako sa mga prinsipyo ng katatagan, integridad at serbisyo nang higit sa 175 taon

Isa sa pinakamalaking dealer sa mundo ng ginto at iba pang precious metals

Isa sa mga pangunahing pinansiyal na institusyon sa North America

Ang Scotiabank Group at ang affiliates nito ay nagsisilbi sa higit sa 12.5 milyong customer sa mga 50 bansa sa buong mundo

Mahigit sa 1,000 branches at 2,850 ABMs na nagsisilbi sa higit sa 7 milyong customer sa buong Canada

60,000 empleyado sa Scotiabank Group, at marami sa kanila ay nagsasalita ng iyong wika

Kompletong financial solutions sa mga indibidwal, mga maliliit at medium na laking negosyo, mga korporasyon, mga gobyerno, at mga institusyon



Mag-settle

Hindi magtatagal ang panahon at kailangan mo nang isipin ang iyong mga pangmatagalang pinansiyal na plano para masigurado ang iyong kinabukasan. Maigi ang mag-focus sa mga produkto at mga serbisyo na makakatulong sa iyong makamit ang iyong mga pinansiyal na layunin, tulad ng ang bumili ng bahay, ang mag-ipon para sa edukasyon, ang magplano ng kasal, o ang mag-invest para sa iyong pagreretiro. Ang Scotiabank ay naririto upang tulungan kang matupad ang mga pangarap na ito.

Ang bumili ng bahay sa Canada

Pakiramdam mo na talagang naka-settle ka na kapag binili mo ang iyong unang bahay. Ang Scotiabank ay may mahaba at maipagmamalaking kasaysayan ng pagtulong sa mga Canadian na maging may-ari ng mga bahay. Marami kaming iba't-ibang mga mortgage upang tulungan ang mga ngayon pa lamang bumibili ng bahay upang mahanap nila ang perang kinakailangan upang tustusan ang kanilang unang bahay sa Canada.

Tanungin ang isang Scotiabank advisor tungkol sa aming mortgages na sadyang ginawa para sa mga bagong Canadian [4]

Ang mag-invest sa iyong kinabukasan

Upang tulungan kang matupad ang iyong mga pangarap na magkaroon ng masaganang kinabu kasan, para sa iyo at sa iyong pamilya, pinakamaigi ang magsimulang mag-invest kaagad. Matutulungan ka ng Scotiabank na maabot ang iyong mga pinansiyal na layunin sa pamamagitan ng mga ekspertong payô at mga sadyang ginawang solusyon.

Ang iyong *Scotia*® advisor ay makapagbibigay ng payô sa iba't-ibang mga opsyon sa investment na magagamit mo para sa maikli at pangmatagalang investment.

Ang mag-ipon para sa edukasyon ng iyong mga anak

Habang libre sa Canada ang tuition para sa elementary at high school, hindi libre ang post-secondary edukasyon (college at university).

Ang isang Registered Education Savings Plan (RESP)[5] ay isang walang katulad ng savings account na makakatulong sa iyo, sa iyong pamilya, o sa iyong mga kaibigan na maagang makapag-ipon para sa edukasyon ng iyong anak. Ang isang *Scotia*® RESP ay makakatulong na gawing totoo ang makapag-college o university ang iyong anak. Kung mayroon kang isang RESP, ang iyong benepisyaryo ay maaaring karapat-dapat ding makakuha ng mga financial grant mula sa Gobyerno ng Canada sa ilalim ng Canada Education Savings Program.

Ang mag-ipon para sa iyong pagreretiro

Mahalagang pinansiyal na layunin ang mag-ipon nang sapat para sa pagreretiro. Sa Canada, ang isa sa mga pinakamainam na paraang bawasan ang iyong income tax at mag-ipon para sa isang komportableng pagreretiro ay ang mag-contribute sa isang Registered Retirement Savings Plan (RRSP). Ang mga RRSP ay makakatulong sa iyo na mamuhay sa magandang pagreretiro. Maraming advantages ang mga RRSP.

- Ang mga kontribusyon ay tax-deductible at maaaring magresulta sa isang tax refund
- Ang mga kinita sa RRSP investments ay naiipon sa isang tax deferred basis sa loob ng plano

Ang iyong investment sa isang RRSP ay makakatulong din sa iyong mag-ipon para sa iyong unang bahay sa pamamagitan ng paggamit ng Home Buyer's Plan.[5]

Maaaring rebyuhin ng isang *Scotia*® advisor ang iyong mga pangangailangan at maaari niyang ipakita sa iyo ang mga simpleng paraan upang mag-simulang mag-invest para sa pagreretirong walang inaalala.

Ang pagsimula ng isang maliit na negosyo

Maaaring gusto mong magsimula ng iyong sariling negosyo sa Canada. Matutulungan ka ng Scotiabank sa pamamagitan ng praktikal na impormasyon, online tools at mga solusyon sa pagbabangko na magtatag ng isang matagumpay na start-up na negosyo. Ang Scotia Running Start *for business*™ banking package ay magbibigay sa iyo ng lahat ng kinakailangan mo, kabilang ang savings sa bundled personal at mga serbisyo sa pagbabangko para sa negosyo at iba pang mga special offer.

Kung iniisip mong magsimula ng iyong sariling negosyo, kausapin ang isa sa aming Small Business Advisors dahil magagawa nilang mas mabilis at mas madali para sa iyo na makuha ang tulong na kailangan mo.

Lahat tayo ay nagpunta sa Canada para sa iba't-ibang mga dahilan. Anuman ang dahilan, nauunawaan ng Scotiabank ang iyong kagustuhang makapagsimula at masamantala ang bagong buhay habang nagse-settle ka sa Canada. Matutulungan ka naming magtayo ng isang maganda at matagumpay na kinabukasan sa Canada.

Kahulugan ng mga Salita

Automated Banking Machines (ABMs)

Self-service machines na nagpapahintulot sa iyong gawin ang pang-araw-araw na basic banking transactions, halimbawa, mga deposit, mga withdrawal, pagbayad ng mga bill at mga transfer mula isang account papunta sa iba gamit ang isang bank card. Ang Scotiabank ay may higit sa 2850 ABMs (tinatawag ding Automated Teller Machines) sa buong Canada.

Bank Card

Isang card na inisyu ng isang pinansiyal na institusyon na nagpapahintulot ng access sa mga account.

- **Credit cards** – tulad ng Visa ay nagpapahintulot sa may-ari na i-charge ang mga binili sa halip na magbayad ng cash. Sa pangkalahatan, walang interes na binabayaran sa mga bagong binili basta ang buwanang balance ay binabayaran nang buo bawat buwan pagdating ng due date (maliban sa mga cash advance). Ang Scotiabank's *No-Fee Scotia Moneyback®* Visa card ay nag-aalok ng hanggang 1% *Moneyback* reward bawat taon, sa mga kwalipikadong binili gamit ang card.
- **Debit Card** – ibang pangalan para sa isang bank card na nagpapahintulot sa iyong i-access ang iyong mga account. Maaari mo itong gamitin sa mga banking machine o upang magbayad para sa mga binili sa mga tindahan gamit ang direct payment service.

Bank Draft

Ito'y isang tseke na inisyu ng isang bangko pagkatapos i-debit ang account ng nagbabayad na customer. Ito ay itinuturing na isang secure form of payment (napapagkatiwalaang pagbabayad) Sa ilang mga bansa, ito'y tinatawag ding Banker's Draft o Cashier's Cheque.

Cheque (Tseke)

Isang pormal na nakasulat na tagubilin sa isang bangko na ilipat ang nakapahayag na halaga mula sa account ng nagbabayad sa taong babayaran na nakapangalan sa tseke.

Chequing Account

Ito'y isang uri ng account kung saan may access ka sa iyong pera kapag gusto mo. Dapat mong siguraduhin na lagi kang may sapat na pera sa iyong chequing account para sa mga tsekeng inisyu mo. Sa ilang mga bansa, ang uri ng account na ito ay tinatawag na Current Account.

Cheque Hold

Ang isang "hold" sa deposito sa tseke ay inilalagay upang siguraduhing ang pinansiyal na institusyon kung saan nanggagaling ang tseke ay hindi magsasauli ng tseke.

Credit History

Ang iyong credit history ay isang rekord ng anumang debt o utang na mayroon ka, na mayroon ka dati, o para kung saan ikaw ay nag-apply. Kasama rin dito ang mga credit limit ng mga debt na iyon, mga utang o mga debt na may garantiya at ang iyong payment history (mga ginawang pagbabayad). Ito'y ginagamit ng mga nagpapahiram bilang bahagi ng proseso ng pagde-desisyon kapag tinatasa kung magbibigay ng bago o karagdagang credit sa isang humihiram. Ang iyong credit history ay iniipon ng mga pangunahing credit bureau sa Canada. (Equifax, TransUnion)

Credit Limit

Ang maximum na balanse na maaari mong i-charge sa isang credit card o hiramin mula sa isang line of credit.

Credit Rating

Isang pag-aseso na ginawa ng isang indibidwal na tagapagbigay ng credit sa credit worthiness (pagiging karapat-dapat na humiram) ng isang tao upang tantiyahin ang kanyang kakayahan at kagustuhang bayaran ang mga obligasyon sa credit. Tinitingnan ng mga bangko at mga pinansiyal na organisasyon ang mga credit rating kapag isinasaalang-alang ang mga aplikasyon para sa mga utang at mga credit card.

GICs
(Guaranteed Investment Certificates, tinatawag ding Term o Fixed Deposits)

Ang GICs ay isang investment kung saan nagdedeposito ka ng pera, para sa isang takdang panahon, at binabayaran ka ng isang takdang rate of interest. Ang maaaring i-cash na GICs ay may pleksibilidad ng pag-withdraw ng lahat o bahagi ng iyong mga pondo nang walang multa bago dumating ang maturity (maaaring umaplay ang ilang mga kondisyon).

Interac Network

Isang network na nagli-link sa mga ABM ng mga bangko at ng ibang mga pinansiyal na institusyon sa Canada upang magbigay sa iyo ng automated access sa mga bank account gamit ang mga ABM ng ibang mga kalahok na bangko. Ito'y isang elektronikong paraan ng pagbabayad para sa mga bagay at mga serbisyo kung saan ang mga pondo ay kinukuha kaagad at nang tuwiran mula sa iyong bank account at nililipat nang tuwiran sa account ng nagtitinda.

Interest

Ang interest ay isang charge na binabayad para sa hiniram na mga pondo. Halimbawa, kung humiram ng pera sa isang bangko sa anyô ng isang pautang o line of credit, ang bangko ay maniningil ng interest para sa paggamit ng perang iyon. Wala itong kasamang anumang ibang gastos o fees na dulot ng pautang.

Internet/Online Banking

Ang online banking ay nagpapahintulot sa mga customer na may internet access at awtorisasyon mula sa kanilang (mga) bangko na pamahalaan ang kanilang mga transaksyon sa pagbabangko sa elektronikong paraan. Magagamit ito para itsek ang bank account at credit card balances, i-transfer ang mga pondo, bayaran ang mga bill at mag-apply para sa mga bagong produkto at mga serbisyo. Ang Scotiabank ay nag-aalok ng libreng internet banking – Scotia OnLine Financial Services - sa kanyang mga customer.

Money Order

Katulad ng isang bank draft, ang money order ay isang order para magbayad ng isang takdang halaga na inisyu ng isang institusyon.

Mortgage

Isang pautang na naka-secure sa real estate. Madalas itong ibinibigay upang bumili ng isang bahay.

Ang ilang mga uri ng mortgage ay inilalarawan sa ibabâ:

- Conventional Mortgage - Isang mortgage loan na hindi lumalampas ng 80% ng mas kaunti sa appraised value o kaya sa purchase price ng ari-arian.
- Fixed Rate Mortgage - Ang rate of interest at halagang babayaran ay hindi magbabago para sa isang ispesipikong panahon.
- Variable Rate Mortgage - Ang variable rate mortgage ay kung saan ang rate of interest ay nagbabago kapag ang Prime lending rate ng nagpapahiram ay nagbago, karaniwan nang hindi mas madalas sa isang beses bawat buwan.

Mortgagee at Mortgagor

Ang nagpapahiram ay ang mortgagee at ang humihiram ay ang mortgagor.

NSF (Non Sufficient Funds)

Kapag ang isang tseke ay itinuturing na NSF, ibig sabihin ay ang mga pondo sa bank account kung saan nanggaling ang tseke ay mas maliit kaysa sa halaga ng tseke.

Overdraft Protection

Ang Overdraft Protection ay isang kasunduan sa bangko na pansamantalang nagpapahintulot sa iyo na mag-overdraw (mag-withdraw ng halaga na higit sa iyong balanse) sa iyong bank account hanggang sa isang inaprubahang limit. Bukod pa sa sisingilinging interest, ang mga bangko ay karaniwang sumisingil ng isang buwanang fee para sa serbisyong ito.

Passbook

Isang libreto na ibinibigay ng bangko sa kahilingan ng isang customer, kung saan isinusulat ang lahat ng mga transaksyon sa isang bank account.

Kahulugan ng mga Salita

Personal Identification Number (PIN)

Isang walang katulad na number o security access code na ginawa ng user Ito'y ginagamit upang i-access ang bank account gamit ang Bank Card kapag gumagawa ng isang Automated Banking Machine o point-of-sale na transaksyon o para sa mga internet at telephone banking na mga transaksyon.

Registered Education Savings Plan (RESP)

Ang RESP ay idinisenyo upang tulungan kang mag-ipon para sa post-secondary na edukasyon ng isang bata. Bagamat ang mga RESP na kontribusyon ay hindi tax-deductible, pinahihintulutan nilang mag-compound ang savings at lumago sa isang tax deferred basis hanggang ang mga pondo ay na-withdraw para sa isang kwalipikadong programa sa edukasyon.

Registered Retirement Savings Plan (RRSP):

Ang registered savings accounts ay nagpapahintulot sa iyong mag-ipon para sa pagreretiro. Ang income at capital gains mula sa iyong mga investment ay naiipon, nang walang income tax, hanggang na-withdraw mula sa account. Ang income and capital gains na kinita sa mga accounts ay babayaran ng tax bilang regular na kita kapag na-withdraw. Walang preferential tax treatment para sa dividends at capital gains.

Savings Account

Ang uri ng bank account na ito ay karaniwang nagbabayad ng interest sa mga pondong dineposito at nagbibigay ng madaling access sa iyong pera, bagamat walang ibinibigay na cheque book.

Telephone Banking

Sa serbisyong ito, nagagawa mo ang mga banking na transaksyon nang malayo, gamit ang telepono. Ang Scotiabank ay nag-aalok ng libreng telephone banking facility – *TeleScotia* telephone banking - sa kanyang mga customer.

Customer Service Representative

Isang empleyado sa harapan ng bangko na tutulong sa iyong mga tanong ukol sa pagbabangko at nagbibigay ng mga serbisyo sa pagbabangko, halimbawa, pagtanggap/pagbayad ng cash, pagpalit ng currencies, pag-isyu ng drafts at wire transfers, atbp. Karaniwan silang tinatawag ding Bank Teller sa ilang mga bansa.

Term

Ang panahon na ang isang investment o isang pautang ay nananatiling may bisâ.

Transaction

Isang aktibidad sa isang bank account. Maaari ito maging isang deposit, withdrawal, debit card o pagbabayad ng bill, service charge o bayad ng interest.

Wire Transfer:

Ang isang wire transfer ay ang paglipat ng pera mula isang bank account papunta sa ibang account sa pareho o sa ibang institusyon/bansa. Sa ilang mga bansa, ito'y tinatawag ding telegraphic transfer.

Sampol ng isang Canadian na Tseke



Ang Iba't-ibang Kultura sa Scotiabank ay nakikita sa lugar ng trabaho

Ang Scotiabank ay ang pinaka-international na bangko sa Canada sa isa sa pinaka-multicultural na bansa sa mundo. Patuloy tayong nagtatayo ng isang workforce na talagang sumasalamin sa mga komunidad na ating pinagsisilbihan sa pamamagitan ng pagmintina ng ilang mga progresibong recruiting at training na programa.

Ikinalulugod namin ang iba't-ibang mga kultura sa lahat ng mga anyô nito, at ang aming kultura ay nakabatay sa komunidad at sa teamwork. Hinihikayat namin ang bukas na komunikasyon at ang pag-unlad sa karera, at kinikilala at ginagantimpalaan namin ang performance.

- Lumalahok kami sa Career Bridge internship program upang bigyan ang skilled immigrants na may mga karanasan mula sa ibang bansa ng isang pagkakataong makakuha ng Canadian work experience (karanasan sa pagtratrabaho sa Canada).
- Ang Scotiabank ay aktibong lumalahok sa job at education fairs upang tumulong na makakuha ng mga empleyado mula sa iba't-ibang kultura, kabilang ang mga bagong Canadian, aboriginals at visible minorities.
- Nag-iisponsor kami ng mga award at mga scholarship na kumikilala sa mga kahusayan sa negosyo ng mga imigrante at mga refugee.

Para sa mga pantrabahong oportunidad sa Scotiabank, bumisita sa www.startright.scotiabank.com

Plinano mo ang iyong paglipat.

Hayaan mo kaming tulungan kang planuhin ang iyong kinabukasan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Scotiabank *StartRight* program, bisitahin ang**www.startright.scotiabank.com**, tumawag sa 1-866-800-5159 (North America lamang) para sa tulong sa Ingles, Pranses, Mandarin at Cantonese o bisitahin ang Scotiabank branch na pinakamalapit sa iyo.

1 Upang maging kwalipikado para sa Scotiabank *StartRight*™ program, dapat ay binigyan ka ng Canadian landed immigrant status sa loob ng huling 3 taon.

2 Mapapailalim sa pagtupad ng credit criteria ng Scotiabank. Bukod pa sa pagiging kwalipikado para sa isang Personal Borrowing na produkto, dapat ay isa kang Canadian resident at may sapat na gulang: 18 taong gulang para sa PEI, QC, ON, MB, SK, AB at 19 taong gulang para sa NL, NB, NS, BC, YK, NT, Nunavut.

®* Ang WESTERN UNION na pangalan, logo at mga may kinalamang tatak at mga marka ng serbisyo, na pagmamay-ari ng Western Union Holdings , Inc, ay rehistrado at/o ginagamit sa U.S. at maraming ibang bansa at ginagamit nang may pahintulot.

3 Ang Scotiabank ay isang awtorisadong Ahente na nagbibibgay ng mga serbisyo ng Western Union Money Transfer. Ang Western Union Money Transfer fees ay nag-iiba-iba depende sa halaga ng ipinapadala at sa destinasyon. Ang impormasyon ukol sa Western Union Money Transfer fees ay maaaring makuha sa isang kalahok na Scotiabank branch. Ang pagkakaroon ng mga pondo ay mapapailalim sa mga tadhana at mga kondisyon ng serbisyo, kabilang ang kinaroroonan ng ahente, mga oras ng pagpapalakad, at pagkakaiba ng time zones. Kinakailangan ang Scotiabank day-to-day banking account para magamit ang mga serbisyo ng Western Union Money Transfer mula sa isang kalahok na Scotiabank branch.

† Ang Interac Inc. ay ang may-ari ng markang Interac. Ang Bank of Nova Scotia ay isang awtorisadong tagagamit ng tatak.

4 Mapapailalim sa pagtupad ng pag-aari sa mga pangangailangan ng Scotiabank at/o CMHC/Genworth Financial Canada sa credit at pagpapautang para sa residential properties.

5 Dapat isang Canadian resident at dapat may balidong Social Insurance Number (SIN).

® Mga rehistradong tatak ng Bank of Nova Scotia.

™ Mga tatak ng The Bank of Nova Scotia.

Ang Scotiabank Group ay tumutukoy sa The Bank of Nova Scotia, Scotia Capital Inc, The Bank of Nova Scotia Trust Company at Scotia Securities Inc.

9097213 (04/08)